

**GABAY SA MAMAMAYAN
SENTRONG PANGKALUSUGAN NG BGY. STA CRUZ**

KONSULTASYONG MEDIKAL/BUNTIS/PAGBABAKUNA/FAMILY PLANNING/TB-DOTS

An aming sentrong pangkalusugan ay nagbibigay ng libreng konsultasyong medical sa mga bata at matatanda, nagbibigay ng serbisyo sa mga buntis, nagbabakuna, nagbibigay ng pamamaraan upang maiwasan ang hindi inaasahang pagdadalang tao ng babae at klinika para sa mga may TB.

Kami ay bukas **Lunes hanggang Biyernes 8:00-5:00** (maliban kung pista opisyal at depende sa iskedyul ng naturang serbisyo)

Office or Division:	CITY HEALTH OFFICE - STA. CRUZ HEALTH CENTER
Klasipikasyon:	Simple
Uri ng Transaksyon:	G2C – Government to Citizens
Sino ang maaaring makakuha ng serbisyo?	Residente ng Lungsod ng Pasig

MGA KAKAILANGANIN	SAAN MAAARING KUNIN
1.Kard ng Pagkakakilanlan (kung meron)	Philsys/COMELEC/ Senior citizen's office/ Philhealth office/School
2. Non-Communicable Disease Risk Assessment Form (para sa mga edad 20 pataas na hindi pa nakapagsumite)	Registration Area of Sta. Cruz Health Center
3. WHO Disability Assessment Tool Form para sa mga edad 20 pataas na hindi pa nakapagsumite)	Registration Area of Sta. Cruz Health Center
4. Kard ng Family Planning (para sa family planning)	Sta. Cruz Health Center
5. Kard ng gamot pangTB (para sa TB-Dots Clinic)	Sta. Cruz Health Center
6. Kard ng bakuna sa bata	Sta. Cruz Health Center
7. Kard sa pagkuha ng buwanang gamot	Sta. Cruz Health Center
8. Pagkakakilanlan sa Philhealth (kung meron)	Philhealth Office

#	CLIENT STEPS	OFFICE ACTIONS	FEES TO BE PAID	PROCESSING TIME	PERSON RESPONSIBLE
1	Magtungo sa lugar ng pagpapatala ng sentrong pangkalusugan Ipakita ang kard ng pagkakakilanlan (kung meron)	Pagsulatin sa talaan ang pasyente o kamaganak ng pasyente ng pangalan at kaarawan ng pasyente	WALA	5 minuto	Nenita Sombrero
2	Magpunta sa lugar ng hintayan (hintayin na matawag ang pangalan)	Hahanapin ang medikal na record ng pasyente	WALA	10-15 minuto	Dolores Mendoza
3	Magtungo sa kuhaan ng presyon ng dugo, pulso, paghinga, temperatura, timbang at taas	Kukuhanan ang pasyente ng presyon ng dugo, pulso, paghinga, temperatura, timbang at taas	WALA	5-10 minuto	Imelda Derama Rey-An Lavarias
4	Pumunta sa pagsusuri	Tutuskan sa isang dailiri	WALA	5-10 minuto	Marcela

#	CLIENT STEPS	OFFICE ACTIONS	FEES TO BE PAID	PROCESSING TIME	PERSON RESPONSIBLE
	ng asukal at kolesterol	ng pasyente upang makakuha ng dugo para sa pagsusuri ng asukal at kolesterol			Mortifero
5	Bumalik sa lugar ng hintayan (hintayin na matawag ang pangalan)	Isulat ang mga nakuhang resulta sa medikal na record ng pasyente Pagsusunod sunurin ang mga record alinsunod sa mga nakalista sa talaan	WALA	5-10 minuto	Luisa Villegas Nenita Sombrero
6	Magtungo sa lugar ng EMR. Ilabas at ipakita ang pagkakakilanlan sa Philhealth (kung meron)	Ipapasok ang mga detalye ng pasyente sa kompyuter	WALA	5-10 minuto	Ramiro Daniel Angelica Desalesa
7	Pumunta sa lugar ng konsultasyon (hintayin na matawag ang pangalan) Ipakita ang kard ng bakuna sa bata Ipakita ang kard ng family planning	KONSULTASYONG MEDIKAL/KLINIKA PARA SA TB: Ang doktor ay kukuha ng medikal na history, magsasagawa ng pisikal na pagsusuri, magbibigay ng laboratory request at magbibigay ng reseta kung kinakailangan PAGBABAKUNA: Magbabakuna at magbibigay ng tagubilin FAMILY PLANNING: Magbabakuna/magbibigay ng pills at magbibigay ng tagubilin	WALA	10-15 minuto	Dr. Glynnis Bonilla Angelica Desalesa Diary Caguioa
8	Magtungo sa lugar ng Pharmacy/ipakita ang kard sa pagkuha ng buwanang gamot Ipakita ang kard ng gamot pangTB	Ibibigay ang mga gamot na nakasulat sa reseta KLINIKA PARA MAY TB: Ibibigay ang mga gamot sa TB	WALA	5 minuto	Diary Caguioa Angelica Desalesa
TOTAL:			WALA	50 minuto hanggang 1 oras at 20 minuto	

SERBISYONG DENTAL

Programang Pasig Dental Health na makatulong upang mabawasan ang porsyento ng taong nagkakaroon ng problema sa pagkabulok ng ngipin at maging sa mga sakit sa giligid at bibig sa ating bansa. Layunin din na matulungan ang mga taong walang kakayahang matustusan ang suliraning dental at magkaroon ang taga-Pasig ng alternatibong serbisyo kung limitado ang mga serbisyong maibibigay ng mga Barangay Health Centers.

MGA SERBISYONG BINIBIGAY:

- Konsultasyon
- Linis ng ngipin at bibig
- Pagsusuri ng ngipin at bibig
- Linis ng ngipin at bibig ng mga buntis
- Pagpasta ng ngipin
- Payong pangdental
- Paglagay ng plurayd sa ngipin ng mga bata
- Sabayang pagsisipilyo sa mga pampublikong eskwelahan
- Bunot ng ngipin

Office o Division:	CITY HEALTH OFFICE - STA. CRUZ HEALTH CENTER
Uri ng Transaksyon:	Simple
Klasipikasyon:	G2C – Government to Citizens
Sino ang maaaring makakuha ng serbisyo?	Residente ng Lungsod ng Pasig

MGA KAKAILANGANIN	SAAN MAAARING KUNIN
1.Kard ng pagkakakilanlan (kung meron)	Philsys/COMELEC/ Senior citizen’s office/ Philhealth office/School
2. Philhealth ID (kung meron)	Philhealth office
3. Referral galing sa Lisensyadong Dentista	Dentistang nagrefer

#	CLIENT STEPS	OFFICE ACTIONS	FEES TO BE PAID	PROCESSING TIME	PERSON RESPONSIBLE
1	Magtungo sa lugar ng pagpapatala ng sentrong pangkalusugan / Ipakita ang kard ng pagkakakilanlan (kung meron)	Pagsulat sa talaan ang pasyente o kamaganak ng pasyente ng pangalan at kaarawan ng pasyente	WALA	5 minuto	Nenita Sombrero
2	Magpunta sa lugar ng hintayan (hintayin na matawag ang pangalan)	Hahanapin ang medikal na record ng pasyente	WALA	10-15 minuto	Dolores Mendoza
3	Magtungo sa kuhaan ng presyon ng dugo, pulso, paghinga, temperatura, timbang at taas	Kukuhanan ang pasyente ng presyon ng dugo, pulso, paghinga, temperatura, timbang at taas	WALA	5-10 minuto	Imelda Derama Rey-An Lavarias
4	Pumunta sa pagsusuri ng asukal at kolesterol	Tutuskan sa isang dailiri ng pasyente upang makakuha ng dugo para sa pagsusuri ng asukal at kolesterol	WALA	5-10 minuto	Marcela Mortifero

#	CLIENT STEPS	OFFICE ACTIONS	FEES TO BE PAID	PROCESSING TIME	PERSON RESPONSIBLE
5	Bumalik sa lugar ng hintayan (hintayin na matawag ang pangalan)	Isusulat ang mga nakuhang resulta sa medikal na record ng pasyente Pagsusunod sunurin ang mga record alinsunod sa mga nakalista sa talaan	WALA	5-10 minuto	Luisa Villegas Nenita Sombrero
6	Magtungo sa lugar ng EMR. Ilabas at ipakita ang pagkakakilanlan sa Philhealth (kung meron)	Ipapasok ang mga detalye ng pasyente sa kompyuter	WALA	5-10 minuto	Ramiro Daniel Angelica Desalesa
7	Pumunta sa lugar ng konsultasyon (hintayin na matawag ang pangalan)	Ang Dentistang nasa Health Center ay isasagawa ang sumusunod: 1. Pagbibigay ng nararapat na medikal na tugon sa pasyente lalo na kung may sintomas ng COVID 19. 2. Pagbibigay ng konsultasyon/ pagsusuri ng ngipin. 3. Pagbasa sa medical na kasaysayan ng pasyente. 4. Pagbibigay ng karampatang paggamot sa suliraning dental ng pasyente	WALA	10-20 minuto	Dr. Lenie Agcongay
8	Magtungo sa lugar ng Pharmacy/ipakita ang kard sa pagkuha ng buwanang gamot	Ibibigay ang mga gamot na nakasulat sa reseta	WALA	5 minuto	Diary Caguioa
TOTAL:			WALA	50 minuto hanggang 1 oras at 25 minuto	

MEKANISMO SA MGA PUNA AT REKLAMO

Paano magpadala ng puna?	May mga ibibigay na talatanungan ng mga puna pagkatapos ng mga serbisyo. Ito ay maaaring ihulog sa kahon ng mga puna.
Paano pinoproseso ang naging puna?	Ang mga puna ay binabasa kada linggo para pag-aralan at agarang bigyan ng tugon.
Paano magsumite ng reklamo?	Ang mga reklamo ay maaaring idulog sa lugar ng pagpapatala.
Paano pinoproseso ang mga naging reklamo	Ang doktor at mga miyembro ng sentrong pangkalusugan ay magsasagawa ng pagiimbestiga at agarang bibigyan ng tugon at solusyon.
Contact Information	stacruzhealthcenterpasig@gmail.com